



Mga Tigatuklas ng Kalikasan

SA

SAN FRANCISCO BOTANICAL GARDEN



Ano ang tumutubo sa damuhan? Damo lang? Tingnan ulit!

Suriin ang damuhan at tingnan kung gaano karaming iba't ibang mga hugis ng dahon ang maaari mong makita na tumutubo dito.

Gumuhit ng larawan ng mga dahon sa pahinang ito.

Nakakita ako ng _____ uri ng dahon!

Humanap ng dahong gusto mo na nasa lupa. Ngayon maaari ka ng gumawa ng larawan ng dahon gamit ang krayola! Ilagay ang dahon sa ilalim ng piraso ng papel na ito. Nararamdaman mo ba ang dahon sa papel? Kung hindi, baligtarin mo ang dahon. Ngayon, kuskusin ang krayola nang patagilid sa ibabaw ng papel at dahon. Gumawa ng iba pang dahon kung gusto mo!

Alam namin na ang bulaklak ay maaaring may amoy, ngunit ang mga dahon ay maaaring may amoy din! Para amuyin ang dahon, marahang kiskisin ang dahon gamit ang iyong mga daliri, pagkatapos ay amuyin ang iyong mga daliri.

Pumunta sa limang iba't ibang mga halaman at amuyin ang mga dahon.

Anong amoy ng paborito mong halaman? _____

Anong hitsura ng paborito mong halaman? Maaari mo itong iguhit dito.

Iba't iba ang laki ng mga halaman. Gamitin ang iyong katawan para sukatin ang ilan sa mga halaman sa Hardin.

Maghanap ng isang bulaklak na gusto mo. Ang bulaklak ay kasing laki ng iyong _____

Maaari ka bang humanap ng bulaklak na kasing laki ng iyong tainga? Anong kulay ito?

Maaari ka bang humanap ng dahon na kasing liit ng iyong kuko? Iguhit ito dito.

Hanapin ang pinakamalaking dahon na makikita mo. Ito ay kasing laki ng _____

Maaari ka bang humanap ng halaman na kasing taas ng iyong tuhod? Gumuhit ng isang dahon mula sa halaman dito.

Humanap ng gusto mong halaman. Ilarawan ang iyong halaman dito para lagi mo itong maalala!

Gaano kalaki ang iyong halaman? _____

Anong mga kulay ang nakikita mo sa iyong halaman? _____

Gumuhit ng isang dahon ng iyong halaman dito.

Kung ang halaman mo ay may bulaklak, gumuhit ng isa dito.

May bunga ba ang halaman mo? Iguhit ito dito.

Sumulat ng isang bagay na espesyal tungkol sa iyong halaman. _____

Kung alam mo ang pangalan ng iyong halaman, isulat ito dito.

Maghanap ng halaman na may bulaklak na hindi bababa sa sampu. Umupo o tumayo nang tahimik at panoorin saglit ang mga bulaklak.

Mayroon bang maliit na hayop na bumisita sa mga bulaklak?
_____MAYROON _____WALA

Iguhit ang isa sa mga bulaklak, at pagkatapos ay iguhit ang anumang bisita na iyong nakita.

Ang mga hayop na nakatira sa Hardin ay may iba't ibang mga hugis at sukat. Tingnan kung mahahanap mo ang lahat ng ito - at gumuhit ng larawan ng nakikita mo!

IBON

INSEKTO

MAMAL

REPTILYA O AMPIBYO

Maraming hayop ang naninirahan sa Hardin. Dito sila naninirahan dahil nakakakita sila ng lugar na titirhan at pagkaing makakain. Maaari ka bang humanap ng ilang lugar kung saan nakatira ang mga hayop at mga pagkaing kinakain nila? Isulat o iguhit sila dito.

MGA LUGAR KUNG SAAN NAKATIRA ANG MGA HAYOP

MGA PAGKAING KINAKAIN NG MGA HAYOP

Maraming mga hayop ang tumitira sa Hardin dahil nakakakita sila ng pagkain at silungan sa mga halaman. Humanap ng isang hayop at tahimik itong panoorin sa loob ng ilang minuto.

Ang hayop na nakita ko ay isang _____.

Nakita kong ginawa ng mga hayop ang mga ito: